# Pagbibigay ng gamot gamit ang cannula na pang-ilalim ng balat: *Isang hakbang-hakbang na gabay*

caring @home
Symptom management for palliative patients

1. **Suriin ang bahagi na papasukan ng cannula na pag-ilalim ng balat kung may:** Pamamaga, panlalambot, pamumula o pagtulo at anumang mga pagbabago sa posisyon ng cannula. Kung mayroong alinman sa mga ito, kontakin ang iyong nars upang mapayuhan bago magpatuloy.

2. **Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig at tuyuin nang mabuti ang mga ito**



3. **Basahin ang etiketa sa hiringgilya upang tiyakin na pinili mo ang tamang gamot, gaya ng inireseta, para gamutin ang pagbulusok ng sintomas**




4. **Ilagay ang sumusunod na mga bagay sa isang malinis na lalagyan:**
   – Ang may etiketang (mga) hiringgilya na pinuno ng gamot
   – Ang may etiketang flush na hiringgilya

   ✱ *Ang ilang mga gamot na pang-ilalim ng balat ay maaaring maging sanhi ng kakulangan ng ginhawa kapag ibinibigay. Upang maiwasan ito, painitin ang hiringgilya sa iyong palad nang ilang segundo.*



5. **Pihitin ang takip para matanggal sa hiringgilya**



6. **Hawakan ang Y-arm ng cannula at itulak ang hiringgilya sa gitna ng connector na walang karayom at pihitin hanggang maging mahigpit**


   ✱ *Opsiyonal: Ang ilang mga serbisyo ay humihiling na pahiran mo muna ng alcohol wipe ang dulo ng connector na walang karayom.*



7. **Dahan-dahang itulak ang plunger ng hiringgilya hanggang maipasok ang lahat ng gamot**



8. **Hawakan ang Y-arm ng cannula na pang-ilalim ng balat at pihitin ang hiringgilya upang alisin ito**



9. **Itapon nang ligtas ang walang laman na hiringgilya**

10. **Ulitin ang mga hakbang 5-9 para sa bawat gamot na ibibigay**

11. **Ulitin ang mga hakbang 5-9 gamit ang 0.5mL ng sodium chloride 0.9% (ang hiringgilya ng flush) upang matiyak na lahat ng gamot na natira sa cannula na pang-ilalim ng balat ay naibigay sa tao**

12. **Muling suriin ang bahaging pinasukan para sa:** Pamamaga, panlalambot, pamumula o pagtulo at ipaalam sa iyong nars kung may napansin kang mga pagbabago

*Normal para sa gamot na mamuo kaagad ng maliit na bukol sa bahagi na pinasukan nito pagkatapos maibigay ito. Ang bukol ay mawawala kapag nasipsip na ang gamot sa daluyan ng dugo.*

13. **Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig at linisin ang ibabaw ng pinagtrabahuhan**

14. **Punan ang talaarawan ng mga gamot**




15. **Tingnan-tingnan ang tao makaraan ang mga 20 minuto at ilagay ang rating ng bagong sintomas sa talaarawan ng mga gamot**

**Kung hindi ka sigurado o nag-aalala, kontakin ang iyong nars o tumitinging doktor/nars para sa karagdagang payo.**


Ang *caring@home* ay pinondohan ng Pamahalaan ng Australya at sa pangunguna ng Brisbane South Palliative Care Collaborative.